ISSN 2673-2874

# CaraBalitaan

www.pcc.gov.ph
DA-Philippine Carabao Center
oed@pcc.gov.ph

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones
Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 5 Blg. 2 | Abril-Hunyo 2023



Bumisita na sa Dairy Box-Guimaras!

3



'Kwentong may kwenta' ng mga carapreneurs sa NE, patok sa webinar series

6

## Tutok na sa CaraWOW! Radyo Eskwela sa Gatasang Kalabaw

Ni **Jeremie Marinella S. Ledesma**

*DA-PCC sa UPLB —Isa na namang School-on-the-Air (SOA) ang tututukan ng mga taga-CALABARZON matapos ilunsad ng DA-Philippine Carabao Center sa University of the Philippines Los Baños (DA-PCC at UPLB) at Agricultural Training Institute CALABARZON (ATI CALABARZON) ang "CaraWOW! Radyo Eskwela sa Gatasang Kalabaw."*

*Sundan sa p.5*



***#CARAWOW. M**alapit nang umire sa CALABARZON ang kauna-unahang School-on-the-Air (SOA) na tututok sa mga kaalaman sa wastong pamamaraan ng pag-aalaga ng gatasang kalabaw.*

## Maalab na pagkakalabawan sa region 2

Ni **Steven Marx B. Tangonan**

*DA-PCC sa CSU-Karagdagang 21 dairy crossbred buffalo and natanggap ng Liga ng mga Barangay ng Isabela Multi-Purpose Cooperative (LBIMPC) mula sa DA-PCC sa CSU noong Mayo 12, 2023.*

"Itong mga crossbred na gatasang kalabaw na maipapamahagi sa atin ay walang ibang handog kundi benepisyo kaya't marapat na pag-igihan natin ang pag-aalaga sa mga ito upang maipagpatuloy ang proyekto" ani Ferdinand P. Tejada, municipal agriculturist.

Idinagdag pa niya na ang proyekto ay magbibigay daan para sa pagpapatayo ng mga pasilidad na gagamitin sa pag pro-proseso ng gatas sa kanilang bayan upang mapataas and produksyon ng dairy at balang araw ay makapag supply ng gatas sa mga karatig bayan ng Echague.

Nagbahagi rin ng kanyang pagsuporta sa programa ang

*Sundan sa p.5*

## DA-PCC sa USF,FCCT nagsagawa ng pagsa-sanay sa dairy product processing

Nina **Leinefe L. Aton** at **Bonne Andrew O. Domingo**

*DA-PCC sa USF — Idinaos ng DA-Philippine Carabao Center sa Ubay Stock Farm (DA-PCC sa USF) sa Tuburan, Cebu noong Mayo ang pagsasanay sa dairy product processing sa pakikipagtulungan ng First Consolidated Cooperative Tañon Seaboard (FCCT).*

Ang nasabing pagsasanay ay naglalayong mapataas ang kapasidad ng kooperatiba sa pagproduce ng mga dairy products na gawa sa gatas ng kalabaw.

Ang FCCT ay kasalukuyang nagpapatayo ng product outlet o kilala bilang Dairy Box.

Ang inisyatibong ito ay mula sa Accelerating Livelihood, and Assets Buildup o ALAB Karbawan Project ng DA-PCC na pinondohan ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food and Agrarian Reform, sa pangunguna ni Senador Cynthia Villar.

*Sundan sa p.3*

# Paggagatasan sa Marinduque, sisimulan na

Ni **Jeremie Marinella S. Ledesma**

***DA-PCC sa UPLB – Natanggap ng Marinduque Diocesan Development Cooperative (MDDCO) ang 37 kalabaw sa ilalim ng proyektong Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) Project, Accelarating Livelihood and Assets Buildup (ALAB Karbawan) nitong Mayo 16, 2023 sa Provincial Capitol Compound, Brgy. Bangbangalong, Boac, Marinduque.***

"Ang layunin ng programang ito ay matulungan ang mga magsasaka na maging negosyante gamit ang mga kalabaw upang itaas ang antas nila sa buhay at makatulong sa pagdevelop ng dairy indutry sa Pilipinas," pagbabahagi ni Jose Canaria, CBED coordinator ng DA-Philippine Carabao Center sa UPLB (DA-PCC sa UPLB).

Kung sa larangan ng agrikultura, hindi nagpapahuli ang lalawigan ng Marinduque. Sagana ang mayamang lupain nito sa niyog, palay at mais kaya't inaasahan na ang bagong proyekto na kanilang natanggap ay makatutulong sa pag-unlad ng kabuhayan ng mga lokal lalo na ang mga magsasaka.

Nagpahayag ng mensahe si Hon. Presbitero Velasco, Governor ng Probinsya ng Marinduque.

"Maganda itong proyektong ito upang palakasin ang hanap-buhay at mag-acquire ng bagong kaalaman. Kailangan ng sipag at tiyaga upang umasenso sa buhay. Sa mga nakatanggap ng kalabaw, Mahalaga na alagaan ang mga ito," ani gobernador.

Nagpaabot naman ng pasasalamat si MDDCO Chairperson, Carlito Fabaleña sa Provincial Veterinary ng Marinduque, DA-PCC, at sa PLGU.

Ayon sa kanya, ang proyekto ang simula ng pagbabago, bagong mukha ng lalawigan at bagong pagkakakitaan na magpapaunlad sa buhay ng mga magsasaka.




# Benepisyaryo ng EPAHP, sumailalim sa pagsasanay ng DA-PCC-UPLB, DSWD V

Nina **Jeremie Marinella S. Ledesma at Aubrey Vista P.Manalo**




***DA-PCC-UPLB****—Nagsasagawa ng social preparation at basic dairy buffalo training sa ilalim ng Enhanced Partnership Against Hunger and Poverty (EPAHP) Zero Hunger project ang DA-Philippine Carabao Center sa UPLB (DA-PCC sa UPLB) at Department of Social Welfare and Development Region V (DSWD V) noong Mayo 24-25, sa Municipal Hall, Prieto Diaz, Sorsogon.*

Lumahok sa dalawang araw na pagsasanay ang dalawampu't limang benepisyaryo ng EPAHP Zero Hunger na convergence project ng DA-PCC sa UPLB at DSWD V. Ang mga kalahok sa basic dairy buffalo training ay pinagkalooban ng mga kasanayan at karunungan tungkol sa wastong pabahay at pamamahala, pangangasiwa ng nutrisyon, at pangangasiwa sa kalusugan ng hayop.

Ang programang EPAHP Zero Hunger ay naglalayon na maibsan ang gutom, tiyakin ang seguridad sa pagkain at nutrisyon, bawasan ang kahirapan sa mga urban at rural na komunidad (kabilang ang mga marginalized na komunidad), pagpapahusay ng kapital ng lipunan, at mapalakas ang batayan ng mapagkukunang pang-ekonomiya.

Bago ang pagsasanay, nagsagawa ang DA-PCC sa UPLB ng social preparation training na kilala rin bilang SPT (Pagsasanay sa Pagtanggap ng Programa ng Gatasang Kalabaw), upang tiyakin na naiintindihan ng mga benepisyaryo ang mga programa ng DA-PCC bago sumuong sa pamamahala, produksyon, at negosyo ng dairy buffalo.

Ang DA-PCC sa UPLB Training team ay binubuo nina Center Director Dr. Thelma Saludes, CBED coordinator Engineer Jose Canaria, Farm Superintendent II, Dr. Jessica Ortiz, Regional Knowledge Manager Marinella Ledesma, at Richard Nepomuceno.

# Bumisita na sa Dairy Box-Guimaras!

Nina **Mary Antonette Andarza** at **Maica Eumira Mariette Urmatan**

***DA-PCC sa WVSU-*** *Maliban sa mga matatamis na manggang dinarayo ng mga bisita sa Guimaras, maaari nang bisitahin ng mga turista ang bagong bukas na Dairy Box sa San Miguel, Jordan, Guimaras.*

Ang pasilidad ay pamamahalaan ng Guimaras Employees Multi-Purpose Cooperative (GEMPC), na nagsimula sa pagproseso ng dairy noong Marso.

Itinayo ang Dairy Box para sa pagpropproseso ng gatas ng kalabaw na nakolekta ng mga magsasakang maggagatas at pagsasapamilihan ng mga produktong gatas.

Mabibili rito ang mga fresh at locally-produced na produkto ng gatas ng kalabaw tulad ng white cheese, yogurt, fresh and flavored milk, at ice cream.

Nagpasalamat ang GEMPC Manager na si Raymundo L. Lao sa pagkakapili ng koop nila na pamahalaan ang proyekto.

Ito ang ikaapat na Dairy Box na binuksan sa tulong ng DA-PCC sa West Visayas State University. Ang tatlong iba pang Dairy Box ay nasa probinsya ng Antique (Hamtic at Pandan), at isa sa probinsya ng Iloilo (Barotac Nuevo).

Ang pasilidad na ito ay itinatag bilang bahagi ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) project o mas kilala bilang "Accelerating Livelihood and Assets Buildup (ALAB) Karbawan" na ipinatutupad ng DA-PCC at pinondohan ng opisina ni Sen. Cynthia Villar.



# DA-PCC sa USF, FCCT nagsagawa ng pagsasanay...

*Mula sa p.1*



Sa kabilang dako, mabibigyan din ang mga kwalipikadong miyembro ng kooperatiba ng 50 na gatasang kalabaw.

Hinikayat naman ni Guillerma Abay-abay, Carabao-Based Enterprise Development (CBED) coordinator ng DA-PCC sa USF ang mga kalahok na simualan nang ipakilala sa lokal na lokalidad ang dairy products kahit hindi pa tapos ang ipinatatayong Dairy Box.

"Hangga't maaga pa, hinihikayat namin kayo na ipakilala ang dairy products sa aming target market kahit hindi pa natatapos ang outlet. Kaya ang pagsasanay na ito ay mahalaga upang makasunod tayo sa tamang pamantayan ng pagpropproseso ng mga dairy products," pagbabahagi ni Abay-abay

Samantala, 15 na miyembro ang nakilahok sa ginawang pagsasanay, kung saan nabigyan sila ng dagdag na kaalaman sa tamang pagproseso sa pasteurized fresh milk, flavored milk, pastillas de leche, kesong puti, at milk cake.

Ibinahagi naman ni Dr. Bernard Bacule, coordinator ng ALAB Karbawan sa DA-PCC sa USF ang kanilang re-entry plan kung saan mayroon silang isang araw sa isang linggo na magproseso ng mga dairy products upang magkaroon ng sapat na suplay lalo na at may pista ngayong Hunyo.

Hangad ng DA-PCC sa USF na ang tatlong araw na pagsasanay ay magsilbing paanyaya sa mga magsasaka na makilahok sa programang may kinalaman sa paggagatas ng kalabaw at mapataas ang produksyon sa kanilang lugar.

# KAYOD

ni **Angelo L. Cortado**

Hindi pa man sumisikat ang liwanag sa silanganan
At kahit pa mamasa-masa at malamig ang simoy sa buong kabukiran
Sila'y babangon, magkakape, at sa bandang may mga kalabaw paparoon
Kanilang mga unga, musika sa tenga ng mga taga-nayon

Sa bawa't hakbang ng mga alagang kalabaw
Ay tanglaw ng pag-asa ang kanyang natatanaw
Sa bawa't pawis na tumatagaktak sa kanilang mga mukha
Kapalit ay kita para sa bayan at pamilya

Hindi alintana ang init,
hindi pinapansin ang lamig
Sila ay ang mga magkakalabaw na nakatindig
Sa pangarap at pamilya, dito'y puso nila'y pinipintig
Sila ay hindi ordinaryong magsasaka, datapuwa't mga bayaning magigiting

Masasabing kakambal na siguro ng kayod ang salitang pagod
Kasabay ng paglubog ng araw sa kanluran, ito ay humahagod
Sa pagiging matiyaga at masipag, sila'y nararapat hirangin
Mga magigiting na magkakalabaw na kumakayod at may hangarin.



# Mga hinirang ng bayan

**nina Ronaline c. Canute at Maica Eumira Mariette Urmatan**

Bilang lingkod bayan
Hinirang ka ng Diyos at ng inang bayan
Sa kanyang mamamayan, ika'y maninilbihan
Maninilbihan, hindi pagsisilbihan
Daluyan ka ng pagbabago, imahe ng katapatan

Magtayo ng matayog na pader at matibay na pundasyon
Ikaw ay isang bubong para sa mga nais sumilong
Wangis mo'y isang tahanang kakanlong sa kahit sino
Ipagpatuloy mo 'yan, maganda kang ehemplo

Isa ka sa mga hukbong nakikidigma sa apat na sulok
Nagpapanday ng mga programa na sa mga kasuluk-sulukan aabot
Sandata ang sipag, integridad, at tiyaga
Huwag kang aatras, may mga pamayanang umaasa

Matataas man na alon ang minsa'y umaanod
Dala-dala ang adhikain, kahit nalulunod sa maraming pagsubok
Pero di bibigay sa sinumpaang tungkulin
Hinihigpitan ang kapit, sa Diyos manalangin

So help me God...
Babalik-balikan mo nawa ang mga salitang ito
Lunes hanggang Biyernes, mula alas-otso hanggang alas-singko
Sa maling landas huwag papatukso
Sa Diyos at sa bayan, ikaw ay nangako



# Manggagawang Maabilidad

**ni Tracy Antonette D. Baysa**

Malalaking makinarya, tangke't pasilidad
Puno ng sari-saring aktibidad
Pinoproseso ang produktong dekalidad
Pinamamahalaan ng mga manggagawang maabilidad

Maayos na proseso ang tanging hangarin
Kaya't sensitibo bawa't gawain
Kinakaya ang lahat ng bigat at pasanin
Iba't ibang temperatura ang dinadanas din

Angkop na sukat at sangkap ay sinisiguro
Masiyahan lamang ang kumokonsumo
Katangi-tangi ang hatid na serbisyo
Nararapat tularan, isang mabuting ehemplo

Sa masisipag na tagaproseso
Tayo'y sumaludo
Tunay na masigasig at laging determinado
Di matatawaran angking serbisyo, mahusay, matapat para sa tao.



# IISA

**ni Bonne Andrew O. Domingo**

Iisa ang hangarin
Iisa ang layunin
Ang makamtan ang hiling
At samahan ay palawigin

Larangan ang pagkakaisa
Nagbubukas ng mga oportunidad sa bawa't isa
Mahaba man ang pagpapanday
Magbubunga rin ang pagsisikhay

May unos man na pagdaanan
Inaalalayan ang pagkayod ng samahan
Sandata ang tamang pamamaraan at kaalaman
Makakamit ang ginhawang inaasahan

Iisa ang tinig
Iisa ang ibig
Pagpapatibay ng samahan
Pagtatagumpay sa kabuhayang salig sa pagkakalabawan



# Para sa mas malakas na industriya ng gatas sa Davao Oriental

Ni **Angelo L. Cortado**

***DA-PCC sa USM–*** *Sa ginanap na Provincial Agri-Fisheries Summit noong April 12, nilagdaan ni Davao Oriental Governor Corazon N. Malanyaon ang Memorandum of Agreement (MOA) na naglalayong magtayo ng bagong establisyemento ng Carabao-Based Business Improvement Network (CBIN) sa munisipalidad ng Cateel at lungsod ng Mati.*

Nilalayon nito na mapalakas ang industriya ng gatasang kalabaw sa pamamagitan ng pagpapataas ng populasyon ng paggagatasan sa pamamagitan ng pagpapataas ng populasyon ng gatasang kalabaw at pagpapalakas ng kakayahang kumita ng mga nagkakalabaw mula rito.

Bilang kasunduan, magkakaloob ang DA-PCC ng mga milk processing equipment. Magbibigay din ang ahensiya ng gatasang kalabaw para sa mga miyembrong magsasaka ng mga kooperatiba.

Maliban sa mga kagamitan, magbibigay din ang DA-PCC ng forage planting materials, animal dewormers, at vitamin supplements.

Magsasagawa rin ang DA-PCC ng training at technical assistance para sa pag-aalaga ng mga gatasang hayop, at produksyon, pangongolekta, pagpoproseso, at pagbebenta ng gatas.

Samakatuwid, bilang gobernador na naglalayong masolusyunan ang kahirapan at mapataas ang ekonomiya ng probinsya sa pamamagitan ng kanyang mga programa, malugod na tinanggap ni Gov. Malanyaon ang proyekto dahil isa itong oportunidad na mapaunlad ang industriya ng gatas sa kanilang probinsya. Ito rin ay maaaring magbigay pa ng ibang oportunidad para tuloy-tuloy na mapataas pa ang kita ng mga magsasaka. Kasama sa paglagda sina DA-PCC OIC Executive Director Dr. Caro B. Salces, Center Director Benjamin John C. Basilio ng DA-PCC sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM), Dr. Edito B. Sumile, Dr. Eric Dagmang, Ildefonsa Reyes, Cateel Municipal Agriculture Officer, at Nasrola Ibrahim, CBED coordinator ng DA-PCC sa USM.

# Maalab na pagkakalabawan sa region 2...

*Mula sa p.1*




Manager ng LBIMPC na si Helino B. Pangilinan na nagpaplanong gawin ang pamamaraan o estratehiya ng ibang matatagumpay na kooperatiba.

"Kailangan nating magproseso ng ordinansa na magbibigay ng insentibo sa mga maggagatas at mag lilimita sa pagkakatay at pagbebenta ng mga babaeng kalabaw upang mapanatili ang dami ng gatasang kalabaw sa ating bayan," ani Helino.

Sa kasalukuyan, ang proyektong Accelerating Livelihood and Assets Build-up (ALAB) Karbawan ay naipatupad na ng DA-PCC at CSU sa limang probinsyang kanilang nasasakupan kung saan anim na kooperatiba na ang nakatanggap ng 356 dairy crossbred buffalo. Animnapu't walo naman dito ang natanggap ng LBIMPC.

# Tutok na sa CaraWOW! Radyo Eskwela sa Gatasang Kalabaw...

*Mula sa p.1*

Ang kauna-unahang livestock SOA sa rehiyon ay magsisimulang ilabas sa June 27. Ito ay naglalayong maghatid ng impormasyon sa pamamagitan ng radyo tungkol sa dairy buffalo produksyon, mga pinakabagong teknolohiya at mga enterprise opportunities mula sa gatasang kalabaw.

Ilan sa mga paksang tatalakayin ay buffalo management (housing and management practices), nutrition management (forage production and establishment, feeding and feed resources), health management and breeding (estrous cycle, heat detection, common diseases), milking (milking preparations, procedures, CMT), milk handling (storage, disinfection of equipment, milk quality testing), at carabao-based business enterprise.

"Ang programang ito ay magpapalaganap ng impormasyon tungkol sa mga dairy buffaloes at makatutulong upang matugunan ang mga isyu ng malnutrisyon at mapaunlad ang lokal na industriya ng pagawaan ng gatas," pagpapahiwatig ni Senator Cynthia A. Villar, chairperson of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa kanyang ipinadalang virtual greeting.
Sa kabilang banda, nagpahayag ng pasasalamat at suporta ang mga provincial veterinary offices mula sa Cavite, Laguna, Batangas, at Quezon sa ATI CALABAZON at DA-PCC. Sinabi nila na ito ay magbibigay-daan sa mga lokal na magsasaka na matuto, magbahagi ng kanilang kaalaman at karanasan.

"Sa wakas, nabigyan ng ganitong pagkakataon ang Rehiyon 4A. Ito ay mahalaga para sa pagpapalitan ng impormasyon at teknolohiya ng mga magsasaka. Umaasa ako na sa pamamagitan ng suporta ng ATI at LGUs, ang pagpapatupad ng programang ito ay magiging matagumpay", sabi ni Dr. Eric Palacpac, chief ng Knowledge Management Division (KMD) ng DA-PCC.

Ang paglulunsad ay dinaluhan ng mga lokal na magsasaka at mga kinatawan mula sa local government sa CALABARZON.


Topics
ANIMAL REPRODUCTION
ANIMAL NUTRITION
ANIMAL HEALTH
FORAGE PRODUCTION
DAIRY PRODUCTION
PROCESSING AND MARKETING
COOPERATIVE DEVELOPMENT
For interested participants, follow our Facebook page DA-Philippine Carabao Center to be notified with the schedule of webinar activities including the Zoom link and pre-registration form.
DA-Philippine Carabao Center
kmd.pcc@gmail.com
www.pcc.gov.ph
CARA ARALAN
Webinar Series



# 'Kwentong may kwenta' ng mga carapreneurs sa NE, patok sa CARA-ARALAN series

**ni Bonne Andrew Domingo at Tracy Antonette Baysa**

***DA-PCCNHQGP-*** *Mga "kwentong may kwenta" ang naitampok sa dalawang series ng CARA-ARALAN na pinangungunahan ng Learning Events Coodination Section-Knowledge Management Division (LECS-KMD) ng DA-PCC.*

Ang CARA-ARALAN ay isang plataporma ng ahensya kung saan itinatampok ang mga pinagbuting gawain at testimonya ng mga dairy farmers na sumubok at nagtagumpay sa dairying. Ito ay ginaganap gamit ang Zoom at bino-broadcast sa pamamagitan ng Facebook page ng DA-PCC.

Tampok sa episode noong Abril ang kwento ni Lodivico Guieb Sr., ang may-ari ng Guieb Dairy Farm sa Guimba, Nueva Ecija na may pamagat na "Kwento at Kwenta ng Tagumpay ni Lodivico." Isang tunay na kwentong "lodi" sa sinumang gustong sumabak sa pagbu-business.

Ang "Guieb Dairy Farm" ay nakikipagsapalaran sa integrated farming at animal production. Ang nasabing farm ay isang Agricultural Training Institute (ATI) accredited Learning Site for Agriculture (LSA) mula 2019. Dito nagbabahagi si Lodivico ng kanyang mga technical know-how sa dairying at animal raising sa mga interesading sumuong sa agriculture enterprise.

Bagama't abala siya sa pamamahala sa kanyang mga gatasang-kalabaw, pinalawak pa niya ang kanyang negosyo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Ideal Visa Consultancy, Luzern International Manpower Service Corporation, at Tarlac Agricultural University.

Ang kanyang tagumpay sa gatasang kalabaw ay nagdulot ng financial stability sa kanyang pamilya, magandang edukasyon sa kanyang mga anak, at social recognition dahil sa kanyang kahusayan sa dairy buffalo production.

"Gusto ko na kapag may mga trainees, dito sana sa bansa natin nila i-apply ang mga natutunan nila para tumaas pa sana ang lokal na produksyon ng gatas. Kaya lagi ko sila ini-encourage na tumulong sila sa pagpapalago ng kabuhayang salig sa gatasang kalabaw," ani Lodivico.

Anya, ang kanyang lifelong advocacy ay maging isang katalista ng pagbabago sa kanyang komunidad na nagsusulong ng gatasang kalabaw bilang isang social commodity.

Samantala, "May Magandang Bukas sa Paggagatas: Kwento at Kwenta ng Tagumpay ng MCCR Pascual Dairy Farm," ni Michael R. Pascual, may-ari ng MCCR Pascual Dairy Farm from Minabuyok sa Talavera, Nueva Ecija ang bumida sa kasunod na episode.

Dahil sa hirap sa pinansyal, sinubukan ni Michael na sumuong sa gatasang kalabaw noong 2007. Nagdududa siya sa kanyang sarili noong una dahil sa kakulangan sa mga kasanayan at karanasan ngunit dahil sa kanyang pagnanais na magtagumpay dito, dumalo siya sa pagsasanay at mga seminar ng DA-PCC.

Ibinahagi ni Michael ang kanyang kaalaman at kasanayan sa paggawa ng silage, feeding milk replacer sa mga guya, monitoring ng in-heat buffaloes, at milk quality screening gamit ang California mastitis test.

Binigyang-diin din niya ang mga wastong pamamaraan sa hand milking upang matiyak ang kalidad ng gatas.

Nagbunga ang kanyang mga pagsisikap dahil nagkaroon na siya ng financial stability at nakapagbigay ng suportang edukasyon sa kanyang mga anak, nakapag-renovate ng farm at bahay, at nakabili ng mga sasakyan at appliances.

Sa hinaharap ay balak niyang magpa-accredit sa ATI upang maging isang Learning Site for Agriculture ang kanyang farm.

"Inaanyayahan ko po kayo na subukan niyo po ang negosyong matatag, ang gatasang kalabaw dahil kung livestock lang ang pag-uusapan dito na kayo dahil marami nang binagong buhay ang gatasang kalabaw, hindi lang ako kundi ang napakaraming mamamayang Pilipino," pagtatapos ni Michael.



*Abangan sa susunod na isyu:*

**Pagbubukas ng mga Dairy Box** Dairy BOX

**Cara-Aralan Series: Gabay sa wastong pangangalaga ng gatasang kalabaw**



# Umuunlad na industriya ng gatas sa CALABARZON

Ni Jeremie Marinella Ledesma




***DA-PCC sa UPLB**-Katuwang ang Villar Social Institute for Poverty Alleviation and Governance (SIPAG) at Farm School at Agriculture Training Institute (ATI) CALABARZON, ang DA-Philippine Carabao Center sa UPLB (DA-PCC sa UPLB) ay nagsagawa ng training seminar sa dairy buffalo production and management noong Hunyo 8-9, 2023 sa Bacoor, Cavite at Los Baños, Laguna.*

Ang pagsasanay ay naglalayon na maituro ang wastong pamamahala ng kalabaw at mga tamang pamamaraan sa produksyon. Ito ay makatutulong sa kabuhayan na mapakikinabangan ng mga lokal na magsasaka.

Personal na dumalo sa programa si Senator Cynthia A. Villar, chairperson ng Senate Committee on Agriculture, Food and Agrarian Reform.

“Natutuwa ako na ang mga magsasaka ay nakikilahok sa mga ganitong seminar upang mapalawak ang kanilang kaalaman sa carabao dairy farming at matutong mapanatili ang kanilang mga sakahan. Pataasin pa natin ang produksyon ng gatas at upang makatulong kayo sa growth and development ng mga kabataan,” pagtatapos ng Senadora.

“Kailangang willing tayong matuto,” saad naman ni Zadieshar Sanchez, Chief ng Planning and Information Management Division (PIMD), DA-PCC National Headquarters.

Hinikayat niya ang mga kalahok na matuto mula sa mga kaalaman sa pamamahala ng dairy buffalo para sa pagpapaunlad ng lokal na industriya ng gatas ng kalabaw. Ibinahagi rin niya na ang mga programa ng DA-PCC ay naglalayong tumulong at magbukas ng mga oportunidad na kabuhayan mula sa carabao dairy farming sa mga lokal na magsasaka.

Ibinahagi rin ni Dr. Eric Palacpac, Chief ng Knowledge Management Division (KMD) sa DA-PCC National Headquarters ang mga layunin at aksyon ng DA-PCC para sa paglipat ng impormasyon at technology sa pamamagitan ng mga programa nito at mga pagsasanay sa pagbuo ng kapasidad, na madaling ma-access ng mga lokal na magsasaka upang suportahan sila sa kanilang paglalakbay sa Philippine dairy industry.

Nagbahagi rin si Dr. Rolando Maningas, Center Director ng ATI

CALABARZON ng kanilang layunin na bigyang kapasidad ang mga lokal na magsasaka ng DA-PCC at ang kanilang pasasalamat sa suporta ng mga kalahok. Aniya, magiging bukas ang ATI sa pagtulong at pagsasanay sa mga magsasaka.

Kabilang sa mga paksang pag-aaralan ng mga kalahok ay patungkol sa carabao industry, care and management and practices (proper housing), nutrition management (forage and pasture production and establishment, feeding and feeding requirements), and animal health management (estrous cycle, heat detection, at breeding practices).

## *Patnugutan*

**Patnugot** | ERIC PALACPAC, ROWENA GALANG

**Tagapamahalang Patnugot** | RONALINE CANUTE

**Mga Manunulat** RONALINE CANUTE, MARINELLA LEDESMA, MARY ANTONETTE ANDARZA, LEINEFE ATON, STEVEN MARX TANGONAN

**Mga nag-ambag ng Artikulo** | AUBREY VISTA MANALO, ANGELO CORTADO, MAICA EUMIRA MARIETTE URMATAN, BONNE ANDREW DOMINGO, TRACEY ANTONETTE BAYSA

**Layout at Ilustrasyon** REI-MAR AGUINALDO

**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RONALINE CANUTE, REI-MAR AGUINALDO, DINE YVE DAGANOS

**Tagapayo** CARO SALCES

*CaraBalitaan*

Department of Agriculture PHILIPPINE CARABAO CENTER

*Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.*

*I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Gene Pool.*

K-Portal

*Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.*

DA-PCC Virtual Tour

*Maaari naring silipin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.*